


7

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 4: Talento Mo, Ating Tuklasin



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikapitong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Unang Markahan – Modyul 4: Talento Mo, Ating Tuklasin  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Mga Manunulat:** Cherry May L. Ng

**Editor:** Loida S. Pigon

**Tagasuri:** Irnanie A. Enrico, Heide C. Layas, Leonila V. Orpilla, Cristy R. Temple, Elma C. Palen, Ronalyn B. Conales, Ma. Luz N. Darjuan

**Tagaguhit:** Mark Carlo Ledesma, Leorick Miciano, Khristine S. Lacsamana

**Tagalapat:** Khristine S. Lacsamana, Jefferson R. Repizo

**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas

Suzzette T. Gannaban-Medina

Susana M. Bautista

Cynthia Eleanor G. Manalo

Mariflor B. Musa

Freddie Rey R. Ramirez

Melbert S. Broqueza

Danilo C. Padilla

Annabelle M. Marmol

Domingo L. Mendoza, JR.

Elmer P. Concepcion

Loida S. Pigon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – MIMAROPA Region**

Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telephone Number: (02) 6314070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Unang Markahan – Modyul 4:  
Talento Mo, Ating Tuklasin**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Aralin

# 1

# Talento Mo, Ating Tuklasin




## *Alamin*

Naniniwala tayo na lahat ng tao, maging anoman ang katayuan sa buhay ay pinagkalooban ng mga kakayahan at talento. Iba't iba ang taglay na galing at husay kahit pa sabihin na magkatulad ang talento at kakayahang taglay.

Inaasahang makikilala mo na bilang isang nagdadalaga o nagbibinata ay may mga talento at kakayahan ka na dapat tuklasin at paunlarin. Kung ang mga talento at kakayahan na mayroon ka ay magagamit nang buong husay at sa wastong pamamaraan, ito ay malaki ang maitutulong sa pagkamit ng iyong mga mithiin sa buhay.

Sa modyul na ito inaasahang maipamamalas mo ang kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:

- natutukoy ang kanyang mga talento at kakayahan (EsP7PS-Ic-2.1)



## **Subukin**

### **A. Matching Type**

**Panuto:** Piliin sa **Hanay B** ang nais ipahiwatig ng mga pangungusap/pahayag na nasa **Hanay A**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang-papel.

- | <b>A</b>                                                                                         | <b>B</b>                       |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------|
| 1. Ginaya mo ang ginagawa ng batang naglalaro.                                                   | a. <i>Visual Spatial</i>       |
| 2. Si Anna ang panglaban ng klase sa Matematika.                                                 | b. <i>Verbal/Linguistic</i>    |
| 3. Marami tayong kababayan ang umaawit sa ibang bansa.                                           | c. <i>Mathematical/logical</i> |
| 4. Ang maliliit na bata ay maraming tanong na “bakit”.                                           | d. <i>Bodily/Kinesthetic</i>   |
| 5. Bago ako matulog sa gabi, nagkakaroon ako ng pagsusuri kung ano ang nagawa ko sa maghapon.    | e. <i>Musical/Rhythmic</i>     |
| 6. Si Boy ay magaling sumayaw.                                                                   | f. <i>Intrapersonal</i>        |
| 7. Ang aking ama ay parang kaibigan ng bayan, maraming bumabati sa kanya kapag siya ay nakikita. | g. <i>Interpersonal</i>        |
| 8. Ang aking ina ay mahilig mag-alaga ng mga halaman na namumulaklak.                            | h. <i>Existential</i>          |
| 9. Ang mga kamag-aral ko na babae ay magaling tumula.                                            | i. <i>Naturalist</i>           |
| 10. Mahusay magpinta ng kalikasan ang aming kapitbahay.                                          |                                |

## B. Multiple Choice

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang-papel.

1. Ang kakayahang intelektuwal ay nasusukat sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_.
  - A. Pagsasanay
  - B. Pagsusulit
  - C. Pagsasaulo
  - D. Pagkukwenta
2. Ang kakayahan naman ay likas o tinataglay ng tao dahil na rin sa kanyang:
  - A. kakayahang mag-isip
  - B. kakayahang magmahal
  - C. kakayahang magbahagi
  - D. kakayahang gumawa
3. Ayon sa sikolohista, ang talento ay may kinalaman sa \_\_\_\_\_.
  - A. mula sa paligid
  - B. katangiang minana sa magulang
  - C. mula sa pag-aaral
  - D. pagsasanay ng isip at katawan
4. Ang sumusunod ay tungkol sa talento at kakayahan, alin dito ang HINDI makatotohanan?
  - A. Ang talento ay pambihira at likas na kakayahan.
  - B. Ang bawat tao ay may likas na talino at kakayahan.
  - C. Ang talento ay madaling sukatin kesa sa kakayahan.
  - D. Ang kakayahan ay nagpapahusay sa taglay na talento.
5. Alin sa sumusunod ang KABILANG sa pangkat?
  - A. araw, lupa, talento, tubig
  - B. hangin, kakayahan, maganda, talento
  - C. aso, bahay, bulaklak, dagat
  - D. hilig, kakayahan, pagpapahalaga, talento,



## **Balikan**

### **Gawain 1. Pamayanan Ko, Pananagutan Ko!**

**Panuto:** Punan ang talahanayan ayon sa hinihingi nitong kasagutan sa bawat hanay na nakalaan. Bilang nagbibinata/nagdadalaga, magbigay ng angkop at inaasahang kilos sa iyo sa pamayanan na iyong kinabibilangan. Gawin ito sa iyong “*journal notebook*”.

<b>Pamayanang Kinabibilangan</b>	<b>Kilos Na Inaasahan Mula Sa Iyo</b>

#### **Pamantayan sa Paggawa**

Orihinalidad – 5 puntos

Nilalaman – 5 puntos (nakapagbigay ng 1-2 = 3 puntos at  
3 o higit = 5 puntos)

Pagkamalikhain – 5 puntos

**Kabuoan = 15 puntos**





## **Tuklasin**

### **Gawain 2. Alamin Galing at Husay Mo!**

**Panuto:** Sagutan ang sumusunod na mga tanong. Gawin ito sa iyong “*journal notebook*”. Ang mga nakalagay sa ibaba ay mga halimbawa lamang, maaaring umisip o gumawa ng sariling disenyo o pagguhit.

1. Ano ang talento at kakayahan para sa iyo? Magbigay ng sariling kahulugan.

**TALENTO**

**KAKAYAHAN**

2. Ano ang iyong taglay na talento at kakayahan?

**TAGLAY MONG TALENTO**

**KAKAYAHAN NA MAYROON  
KA**

3. Kailan mo natuklasan na mayroon ka nito?

4. Sino o sino-sino ang mga taong nakatulong upang lalong mapaunlad mo ang iyong mga talento at mga kakayahan?

**Pamantayan sa Paggawa**

Pamantayan	Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman (Content)	10	
Kaayusan/ Kalinisan (Organization/ Neatness)	10	
Ideya/Paliwanag	15	
<b>Kabuoan</b>	<b>35</b>	



**Suriin**

Unawain at pagnilayan ang sumusunod na babasahin. Magkaroon ng masayang pag-aaral at ikintal sa isip at puso ang mga hatid na mensahe. Simulan na at kayang-kaya mo yan!

Ang talento ay ginagamit na kasingkahulugan ng biyaya at kakayahan. Ayon kina *Thorndike at Barnhart*, mga sikolohista, ang talento ay isang pambihirang kakayahan. Sa kabilang dako, ang kakayahan ay kalakasang intelektuwal (*intellectual power*) upang makagawa ng isang pambihirang bagay tulad ng kakayahan sa musika o kakayahan sa sining. Madalas sinasabi ng mga sikolohista na ang talento ay may kinalaman sa *genetics* o mga pambihirang katangiang minana sa magulang.

Ayon kay *Brian Green*, mas mahalagang bigyan ng tuon ang kakayahan magsanay araw-araw at magkaroon ng komitment sa pagpapahusay sa taglay ng talento. Ang kakayahang intelektuwal ay nasusukat sa pamamagitan ng mga pamantayang pagsusulit. Ayon sa kaniya, mahirap sukatin ang talento, madalas nasasabi lamang nating may talento ang isang tao batay sa nasasaksihan natin o naitalang tagumpay nito. Walang takdang panahon ang pag-usbong ng talento.

Ang bawat tao ay may kani-kaniyang panahon ng pagsibol, lalo na ang mga tinedyer. Ang iba ay may tinatawag na **late bloomer**. Isang napakahalagang teorya ang binuo ni *Dr. Howard Gardner* noong 1983 ang teorya ng *Multiple Intellegences*. Ayon sa teoryang ito, ang mas angkop na tanong ay “Ano ang iyong talino?” at hindi, “Gaano ka katalino?”

Ayon kay *Gardner*, bagamat lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba’t iba ang talino o talento. Ang mga ito ay:

1. **Visual Spatial** - mabilis matuto sa pamamagitan ng paningin at pag-aayos ng mga ideya.

Larangang tinatahak: sining, arkitektura at inhenyero.

Tulad ng mga enhinyero, magagawa lamang nila ang isang gusali o bahay kapag may tinitignan silang plano kung paano ito gagawin at mga listahan ng kakailanganing mga gamit.

2. **Verbal/Linguistic**- Talino sa pagbigkas o pagsulat ng salita. Kadalasan ang mga taong may taglay na talinong ito ay mahusay sa pagbasa, pagsulat, pagkukwento, at pagmememorya ng mga salita at mahalagang petsa.

Larangang tinatahak: abogasya, pamamahayag, politika, pagtula at pagtuturo.

Halimbawa nito ay ang mga guro, na may husay sa pagtuturo at humarap sa mga mag-aaral. May sapat na kaalaman sa paksa na kanilang ibinabahagi araw-araw.

3. **Mathematical/Logical** - mabilis na pagkatuto sa pamamagitan ng pangangatuwiran at paglutas ng suliranin (problem solving).

Larangang tinatahak: pagiging scientist, mathematician, inhenyero, doctor at ekonomista.

Tulad ng mga guro natin sa Matematika, may sapat na kaalaman sa pagbibilang at paglutas ng mga suliraning pang-matematika.

4. **Bodily kinesthetic** - natututo sa pamamagitan ng mga kongkretong karanasan o interaksyon sa kapaligiran. Mas natututo siya sa pamamagitan ng paggamit ng kaniyang katawan, tulad halimbawa ng pagsasayaw o paglalaro.

Larangang tinatahak: pagsasayaw, sports, pagiging musikero, pag- aartista, pagiging doctor (lalo na sa pag-oopera), konstruksyon, pagpupulis, at pagsusundalo.

Si Manny Pacquiao ay mula sa simpleng pamilya lamang, ang husay niya spagboboksing ang naging dahilan kaya siya tinawag na “PacMan” at umani ng napakaraming panalo para sa bansang Pilipinas at tinagurian siyang “World Champion”.

5. **Musical/Rhythmic** - natututo sa pamamagitan ng pag- uulit, ritmo o musika. Hindi lamang ito pagkatuto sa pamamagitan ng pandinig kundi pag- uulit ng isang karanasan.

Larangang tinatahak: musician, kompositor, o disc jockey.

Isa si Lea Salonga sa mahuhusay nating mang-aawit sa bansa na naging sikat din sa ibang bansa. Umawit ng ilang kanta sa Miss Saigon, Les Misérables, Aladdin, Mulan, at Flower Drum Song.

6. **Intrapersonal** - natuto sa pamamagitan ng damdamin, halaga at pananaw. Ito ay talino sa kaugnay ng kakayahang magnilay at masalamin ang kalooban. Larangang tinatahak; researcher, manunulat ng nobela, o negosyante.

Tulad ng mga Sikolohista (Psychologist) na nagpapakadalubhasa na ang binibigyang-pansin ay ang kilos at asal ng mga tao.

7. **Interpersonal** - talino sa interaksyon o pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Larangang tinatahak: nagiging matagumpay sa kalakalan, politika, pamamahala, pagtututro o edukasyon at social work.

Si Mother Teresa ay naglaan ng kanyang buhay bilang isang Albanian-Indian misyonera at madre. Binigyang-halaga ang pagtulong sa mga mahihirap, may kapansanan, walang tirahan at walang makain lalo na ang mga may sakit.

Setyembre 4, 2016, sa bisa ng basbas ng Santo Papa Francisco ay idineklara bilang Santa Teresa ng Calcutta.

8. **Existential**- talino sa pagkilala sa pagkakaugnay ng lahat sa daigdig. Bakit ako nilikha”? Ano ang papel na ginagampanan ko sa mundo”?


Larangang tinatahak: masaya sa pagiging philosopher o theorist.

Teorista (Theorist) na ang binibigyang-pansin ay ang pagbibigay ng malinaw na paliwanag tungkol sa mga pinagmumulan ng mga bagay-bagay sa paligid.

9. **Naturalist**- talino sa pag- uuri, pagpapangkat at pagbabahagdan.


Larangang tinatahak: environmentalist, magsasaka, o botanist.

Mga tao na mahilig mag-alaga ng mga halaman, mga nangangalaga sa kalikasan at hayop. Ang mga magsasaka na nagtatanim ng palay at iba't ibang gulay na magsisilbing pagkain ng mga mamamayan.



## Pagyamanin

### Gawain 3. Cross-Word Puzzle



**Panuto:** Tukuyin ang mga salita sa *cross-word puzzle* sa tulong ng mga tanong sa ibaba. Punan ang mga kahon sa itaas ng angkop na kasagutan at ilagay ito sa iyong kwaderno o “*journal notebook*”.

#### Mga Tanong **PABABA:**

1. Kadalasan ang taong nagiging environmentalist o magsasaka ay may talinong \_\_\_\_\_?
2. Ito ay talinong interaksyon o pakikipag- ugnayan sa ibang tao.

#### Mga Tanong **PAHALANG**

3. Ito ay isang pambihira at likas na kakayahan.
4. Ito ay kalakasang intelektuwal upang makagawa ng isang pambihirang bagay.
5. Ang taong nagtataglay ng talinong ito ay natututo sa pamamagitan ng pag-uulit, ritmo, o musika.



## Isaisip

### Gawain 4. Isa-Isahin


**Panuto:** Punan ang talahanayan ayon sa hinihingi nitong kasagutan. Isulat ang tamang sagot sa iyong kwaderno.

Ibigay ang iba't ibang talino ayon kay Gardner	Mga talino o kakayahan na magagawa (isa lamang)	Sa tapat ng talino ay ang mga maaaring maging hanapbuhay. (isa lamang)
1.		
2.		
3.		
4.		
5.		
6.		
7.		
8.		
9.		

#### PAMANTAYAN NG PUNTOS

Iba't ibang Talino – 9 kung ilan ang naibigay na tamang sagot  
Kakayahang Magagawa – 9 ay ang magiging bilang ng puntos  
Maaring Hanapbuhay – 9


**Kabuoang 27 Puntos**





## Isagawa

### Gawain 5. Talinong Taglay-Hatid ay Saya


**Panuto:** Ibigay ang mga hinihingi sa bawat bilang. Isulat sa inyong kwaderno o “journal notebook” ang mga sagot. Maaaring gumawa ng sariling disenyo; maging malikhain.

 Magbigay ng dalawang (2) talento na iyong tinataglay.

 Mga paraan na maaari mong magawa upang mapaunlad ang iyong talent.

 Mga tao na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng iyong talent.

(Maaaring higit sa isa ang pangalan ng tao na isusulat sa bawat kahon)

 Magbigay ng paraan na maaari mong magawa na nagpapakita ng pagbabahagi ng iyong talento sa iba.

Pamantayan sa Paggawa	Puntos	Nakuhang Puntos
Nilalaman (Content)	10	
Kaayusan/Kalinisan (Organization/Neatness)	10	
Ideya/Paliwanag	15	
<b>Kabuoan</b>	<b>35</b>	



## **Tayahin**

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap sa ibaba at piliin mula sa loob ng kahon ang tamang sagot na kaugnay nito. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

Visual/spatial	verbal/linguistic	mathematical
Intrapersonal	Bodily/kinesthetic	musical/rhythmic
Interpersonal	existential	naturalist

1. Ginaya mo ang ginagawa ng batang naglalaro.
2. Si Boy ay magaling sumayaw.
3. Marami tayong kababayan na umaawit sa ibang bansa at nagiging sikat.
4. Ang maliliit na bata ay maraming tanong na “bakit” sa kanyang magulang.
5. Bago ako matulog sa gabi, nagkakaroon ako pagsusuri kung ano ang nagawa ko sa maghapon.
6. Si Anna ang panlaban ng klase sa Matematika.
7. Ang aking ama ay parang kaibigan ng bayan, maraming bumabati sa kanya pag siya ay nakikita dahil na rin sa kanyang pagiging palabati sa mga tao.
8. Ang mga kamag-aral ko na babae ay magaling tumula.
9. Mahusay magpinta ng kalikasan ang aming kapitbahay kaya’t naging hanapbuhay na rin niya ito.
10. Ang aking ina ay mahilig mag-alaga ng mga halamang namumulaklak.




## B. Multiple Choice

**Panuto:** Piliin ang titik na may tamang sagot. Isulat ito sa iyong sagutang-papel.

1. Ang kakayang intelektuwal ay nasusukat sa pamamagitan ng \_\_\_\_\_.
  - A. Pagsasanay
  - B. Pagsasaulo
  - C. Pagsusulit
  - D. Pagkukwenta
2. Ayon sa sikolohista, ang talento ay may kinalaman sa \_\_\_\_\_.
  - A. mula sa paligid
  - B. katangiang minana sa magulang
  - C. mula sa pag-aaral
  - D. pagsasanay ng isip at katawan
3. Ang kakayahan naman ay likas o tinataglay ng tao dahil na rin sa kanyang:
  - A. Kakayahang mag-isip
  - B. Kakayahang magmahal
  - C. Kakayahang magbahagi
  - D. Kakayahang gumawa
4. Ang sumusunod ay tungkol sa talento at kakayahan, alin dito ang HINDI makatotohanan?
  - A. Ang talento ay pambihira at likas na kakayahan.
  - B. Ang bawat tao ay may likas na talino at kakayahan.
  - C. Ang talento ay madaling sukatin kaysa sa kakayahan.
  - D. Ang kakayahan ay nagpapahusay sa taglay na talento
5. Alin sa sumusunod ang KABILANG sa pangkat?
  - A. tubig, araw, lupa, talento
  - B. maganda, kakayahan, talento, hangin
  - C. bulaklak, dagat, bahay, aso
  - D. kakayahan, talento, hilig, pagpapahalaga

O, kumusta? Nagawa mo ba nang maayos ang mga Gawain? Kung oo, tumungo ka na sa susunod na Modyul. Kung hindi, balikan mo ang mga Gawain sa modyul na ito.


Hingin ang tulong o paggabay ng isang kamag-aral o ng guro.




## Karagdagang Gawain

### Gawain 6. Guhit-Talento

**Panuto:** Gumuhit ng isang larawan / poster (drawing) na nagpapakita ng talento na iyong taglay at ang naitulong nito sa iyong buhay. Maaaring gawin sa isang buong malinis na papel (*bond paper*).



Pamantayan sa Paggawa	Deskripsyon	Puntos	Nakuhang Puntos
Kaangkupan sa Tema ( <i>Relevance to the Theme</i> )	Tumpak o may kaugnayan sa tema ang ginawang poster.	25	
Pagkamalikhain ( <i>Creativity</i> )	Tamang paggamit ng simbolismo, kulay at iba pa na nakatulong nang lubos upang bigyang-buhay ang obra o ginawa.	10	
Orihinalidad ( <i>Originality</i> )	Orihinal ang ideya.	5	
Kalinisan ( <i>Neatness</i> )	Malinis tingnan ang gawa, sa malayo o malapitan man.	5	
Hikayat sa Mata ( <i>Visual Impact</i> )	Nakaaakit sa paningin.	15	
	<b>Kabuoan</b>	<b>60</b>	



## Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: center;"><b>Tayahin</b></p> <p>A.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. visual/spatial</li> <li>2. bodily/kinesthetic</li> <li>3. musical/rhythmic</li> <li>4. existential</li> <li>5. intrapersonal</li> <li>6. mathematical</li> <li>7. interpersonal</li> <li>8. verbal/linguistic</li> <li>9. Visual/spatial</li> <li>10. naturalist</li> </ol> <p>1. C 2. B 3. A 4. C 5. D</p>	<p style="text-align: center;"><b>Pagymanin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. NATURALIST</li> <li>2. INTERPERSONAL</li> <li>3. TALENTO</li> <li>4. KAKAYAHAN</li> <li>5. MUSIKA</li> </ol>	<p style="text-align: center;"><b>Subukin</b></p> <p>A.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. A</li> <li>2. A</li> <li>3. B</li> <li>4. C</li> <li>5. D</li> <li>6. D</li> <li>7. G</li> <li>8. I</li> <li>9. B</li> <li>10. A</li> </ol>
-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

# ***Sanggunian***

Edukasyon sa Pagpapakato, Grade 7 Learner's Material (Unit 1&2) pahina 35-54

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)